# Balitang Manmin

BILANG 124 ENERO 18, 2015


# Mga Pastor Mula sa Israel Nag-seminar tungkol sa "Ang Mensahe ng Krus"

## Inanyayahan si Rev. Soojin Lee ng Helping Hand Coalition at ng Knesset sa Ikalawang Pandaigdigang Pagpupulong



Magmula ng mag-ministeryo si Dr. Jaerock Lee sa Israel, nakapagdaos na ng ilang mga okasyon ang Crystal Forum, inanyayahan nila ang Manmin Central Church. Noong taong 2014, inihatid ni Rev. Soojin Lee ang mga mensahe tungkol sa krus at tunay na pananampalataya sa mga seminar para sa mga pastor. Naimbitahan din siya sa okasyon ng Knesset, ipinahayag niya ang ministeryo ni Dr. Lee doon (litrato 1-4). Namuno din siya sa mga pulong ng mga iglesya sa Jerusalem at Palestine. Napakagaganda ng pagtatanghal na ipinakita ni Rose Han at ng Power Worship Dance Team (litrato 5-8).

Noong Disyembre 1-2, 2014, nagdaos ang Crystal Forum (samahan ng nga pastor sa Israel) ng seminar para sa mga pastor sa Hotel Yehuda, Jerusalem, Israel. Si Rev. Soojin Lee, Pangulo ng Samahan ng mga Pastor ng Manmin Central Church, ang naging tagapagsalita. Dinaluhan ito ng may 130 mga pastor at mga lider ng iglesya mula sa Israel at Korea, Russia, U.K., Finland, Latvia, at Nigeria.

Bago ipangaral ang mensahe, umawit ng mga papuri sa Diyos ang lider ng papuri na si Rose Han sa wikang Ruso, Hebreo, at Ingles. Nagtanghal naman ng 'fan dance' at iba pang magagandang sayaw ang Power Worship Dance Team para maipahayag ang pag-ibig ng Diyos sa krus. Sabay-sabay nagpuri sa Panginoon ang mga dumalo ng seminar, napuno sila ng pagpapala.

Ang pangunahing paksa ng seminar ay 'Ang Mensahe ng Krus' – pinakakilala at nangungunang sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, na nagpapaliwanag ng kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus-Cristo. Ibinahagi ni Rev. Soojin Lee ang detalyadong buod ng mga paksa ng mensahe: ang dahilan kung bakit nilikha ng Diyos ang sangkatauhan; ang kalooban Niya sa pangangalaga ng sangkatauhan; ang dahilan kung bakit inilagay Niya ang punungkahoy ng pagkilala tungkol sa mabuti at masama sa Halamanan ng Eden; ang lihim na nakatago bago pa magsimula ang panahon; at ang dahilan kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin.

Kahit nalalaman na ng mga dumalo ang buod ng mensahe, nagkaroon sila ng mas malalim na pag-unawa dahil sa detalyadong paliwanag ng kalooban ng Diyos.

Pagkatapos ng pangangaral, pinangunahan ni Rev. Lee ang pag-awit ng papuri at panalangin ng pagsisisi. Pinagsisihan ng mga pastor ang hindi nila pagsasabuhay ng Salita ng Diyos at ang mga kahinaan nila. Nagkaroon sila ng panibagong lakas dahil sa maalab na pagkilos ng Espiritu na pumuspos sa seminar.

Sa mensahe ni Mr. Hilik Bar, Pangkalahatang Kalihim ng Labor Party at miyembro ng Knesset para sa Israel Labor Party, binati at ipinahayag niya ang taos-pusong pagpapasalamat sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa bansa niya. Binigyan din niya si Rev. Soojin Lee ng insigniya na sumasagisag ng Knesset.

Sinabi ni Pastor Igor Nikitin, Pangulo ng TBN Russia, "Magmula noong nagsagawa si Dr. Jaerock Lee ng krusada ng pagkakaisa sa Israel noong taong 2009, lumakas ang loob at naging aktibo ang mga Judiong naniniwalang si Jesus ang Mesyas. Naging madali ang pagpapahayag ng ebanghelyo at ang ministeryo ng pagbobrodkast. Gusto kong ibrodkast ang Salita ng Buhay ni Dr. Lee sa bagong bukas kong istasyon sa wikang Hebreo."

Noong Disyembre 2, inanyayahan si Rev. Soojin Lee at ang grupong pang-misyon sa Ikalawang Pandaig digang Pagpupulong ng Helping Hand Global Forum. Isinaayos ito ng Knesset (kongreso ng Israel), ng komite na namamahala sa imigrasyon, pagtanggap, at mga bagay na may kinalaman sa diaspora (Tagapangulo: Mr. Yoel Razvozov), at ng Helping Hand Coalition para sa Israel Global Forum (Tagapangulo: Dr. Andre Gasiorowski). Ang okasyong ito ay dinaluhan ng mga direktor ng mga pandaigdigang organisasyon para sa mga biktima ng Holocaust at mga iba pang katuwang. Sa mensahe niya, sinabi ni Rev. Lee na ang mga labanan at problema sa mundo ay malulutas ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Ginamit niyang halimbawa ang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee. Napukaw ng mensahe ang interes ng mga dumalo.

Bukod dito, naipakilala ni Rev. Lee si Dr. Jaerock Lee, ang ministeryo ng Manmin, at ang mensahe tungkol sa pagpapala ng Diyos sa panayam sa kanya ng Daily Israel (pagbobrodkast ng Israel sa internet) at TBN Russia.

Noong Nobyembre 28-29, nanguna siya sa mga pagpupulong ng mga iglesya sa Jerusalem at Palestine. Ipinangaral niya ang mga mensahe tungkol sa "Buhay na Walang Hanggan na Ibibigay sa Pamamagitan ng Pagkain ng Katawan ng Anak ng Tao at Pag-inom ng Dugo Niya" at "Makalaman at Espirituwal na Pananampalataya". Pagkatapos, idinalangin niya ang mga may sakit gamit ang panyong makapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Marami ang napagaling.

# “Huwag Kang Papatay”



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Huwag kang papatay.”
(Exodo 20:13)

Sa Sampung Utos, iniutos ng Diyos sa mga anak Niya na huwag pumatay. Hindi lang ito tumutukoy sa pisikal na pagpatay ng kapwa, ipinagbawal din ang pagpatay ng espiritu. Hangga’t hindi nalalaman ng mga tao ang tungkol sa pagpatay ng espiritu, iisipin nila na hindi sila pumapatay at malakas ang loob nilang magsabi na sinusunod nila ang utos. Totoo bang sumusunod sila sa utos? Pag-aralan natin ang tatlong kahulugan ng ‘pagpatay’ sa pang-anim na utos na, “Huwag kang papatay”.

### 1. Pumatay ng tao

Ipinapalagay ng lahat na matinding krimen ang pumatay ng tao. Pero may isang bagay tayong dapat tandaan – ang pagpapatiwakal ay pagpatay din.

Ang kapangyarihan sa buhay at kamatayan ay tanging sa Diyos lang, hindi natin pwedeng basta na lang wakasan ito at sasabihing buhay naman natin ito. Ito ang dahilan kung bakit kabilang sa mga kasalanang pagpatay ang pagpapatiwakal. Kasama din dito ang pagpapalaglag o aborsyon.

Hindi pwedeng patayin ng mga magulang ang sanggol sa sinapupunan. Maliwanag na sinasabing malaking kasalanan ang pumatay, kasama na ang aborsyon dito. Tandaan natin ito.

### 2. May poot sa kapwa

Mababasa sa 1 Juan 3:15, “Ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay isang mamamatay-tao, at nalalaman ninyong ang buhay na walang hanggan ay hindi nananatili sa sinumang mamamatay-tao.” Nakatago sa puso ang galit na ito, pero sinasabi ng Diyos na ito rin ay pagpatay. Ito’y sapagkat ang pagpatay ay nagsisimula sa poot, dito nag-uugat ito. Kapag tumindi ang galit sa puso, gagawa ng masama ang isang tao, at pwede rin siyang pumatay ng tao.

Nakasulat sa Genesis 4, si Cain ang kauna-unahang pumatay ng tao sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ito ay nagmula sa poot sa puso niya dahil hindi tinanggap ng Diyos ang handog na ibinigay niya ayon sa pagsuway. Masayang tinananggap ng Diyos ang kay Abel na ibinigay ayon sa pagsunod. Dahil dito, naging matindi ang galit ni Cain kay Abel, hanggang sa patayin niya ang kanyang kapatid.

Ang mga taong napopoot sa kanyang kapatid ay nagagalit, nagmumura, nang-aaway, nagseselos, nanghuhusga at nanghahatol, at nagkakalat ng mga kapintasan nito sa ibang tao. Maaaring dayain pa nila ito. Maaaring awayin nila ito at ni hindi pansinin. Ang lahat ng kasamaang ito na nagmumula sa poot ay pagpatay ng espiritu (Mateo 5:21-22).

Sa panahon ng Lumang Tipan, nang hindi pa dumadating ang Banal na Espiritu, mahirap sa mga taong maglinis ng puso at maging banal. Pero sa panahon ng Bagong Tipan, mayroon na tayong Banal na Espiritu sa puso natin, binibigyan Niya tayo ng lakas para iwaksi kahit ang makasalanang likas ng puso natin. Pwede nating pagsabaying lubos na tanggalin ang ugat ng ‘poot’ at ‘pagpatay’. Habang iwinawaksi natin ang mga kasalanan at kasamaan at pinapalitan ito ng pag-ibig, tatanggapin natin ang pag-ibig at mga pagpapala ng Diyos.

### 3. Nagiging dahilan ng pagkatisod

Ang kahulugan ng ‘natisod’ ay natapilok o nadapa habang lumalakad o tumatakbo, halos bumagsak na. Sa espirituwal na diwa, ang ‘maging dahilan ng pagkatisod’ ay sirain ang ibang tao sa pamamagitan ng paglalayo sa kanila mula sa katotohanan.

Ipagpalagay nating nagtanong ang isang miyembro sa lider ng grupo, “May mahalagang okasyon ang pamilya ko sa darating na Linggo, pwede bang hindi muna dumalo sa pagsamba?” Kapag sinabi ng lider, “Kung ganoon ito kahalaga, wala kang magagawa kundi labagin ang araw ng Panginoon.” Sa ganitong sagot ng lider, dinala niya ang miyembro patungo sa kamatayan, pagpatay ito ng espiritu. Sabihin nating may isang miyembrong nangangailangan ng pera, humiling siya sa lider, “Kailangan ko ng pera ngayon, pwede ba akong manghiram sa pondo ng iglesya? Babayaran ko agad.” Kung sasabihin ng lider na pwede basta magbayad lang agad, labag ito sa kalooban ng Diyos, magiging katitisuran siya.

Sa madaling salita, ang pagtuturo ng isang bagay na hindi totoo ay pagpatay ng espiritu ng isang tao, inilalayo ninyo sila sa daan patungo sa buhay. May mga pagkakataong nagbibigay kayo ng maling payo sa isang miyembro, mas mahihirapan siya dahil dito, hindi ito katanggap-tanggap. Kapag hindi tayo nakakatiyak tungkol sa tamang payo o sagot sa katanungan niya, pwede nating sabihin sa kanya na aalamin muna natin ang tamang sagot bago natin sabihin ito sa kanya. Ipanalangin din muna natin ito o magtanong sa isang taong nakakaalam ng tamang kasagutan. Ibigay natin palagi ang tamang sagot.

Pagpatay din ng espiritu ang manghusga at manghatol ng ibang tao sa pamamagitan ng masasamang salita, at magbuo ng sinagoga ni Satanas, manira ng puri, o manira ng magandang pagsasama ng mga tao. Maaaring maging dahilan ito para magkagalit ang magkakapatid at gawan ng masama ang isa’t isa. Papanagutin ng Diyos ang isang taong nagkakalat ng paninirang puri sa isang pastor o iglesya. Gayon pa man, may mga taong natitisod sa sarili nilang kasamaan. Si Jesus ay kumilos ayon sa katotohanan, pero natisod sa sarili nilang kasamaan ang makasalanang mga Judio at si Judas Iscariote. Kung may isang taong nagsasabing hindi siya magsisimba dahil sa mga pagkukulang o kapintasan ng ibang tao, hindi siya natitisod dahil sa mga taong ito, natitisod siya dahil sa sarili niyang kasamaan.

May mga taong lumayo sa Diyos dahil nawala ang pagtitiwala nila sa isang taong nirerespeto nila, gumawa ito ng isang bagay na masama. Halimbawa, dahil sa tiwala sa isang tao, nanagot sila para sa isang tao. Pagkatapos, nagdusa sila dahil dito. Gayon pa man, ipinapakita nito na ang pananampalataya nila ay hindi tunay. Sinasabi ng Biblia na huwag tayong maging tagapanagot ng mga utang. Itinuturo sa iglesya sa mga mananampalataya na huwag magpahiram o umutang ng pera. Pero nabigo silang matanto ang katotohanan, sumuway sila. Sa halip na lumayo sila sa Diyos, magsisi na lang sila.

At kung may manghuhusga at manghahatol ng isang tao at matitisod, may posibilidad na makakatisod sila dahil sa masamang ginawa nila. Kung totoong mabuti ang kalooban at tunay ang pananampalataya nila, kakaawaan at ipapanalangin nila ang ibang tao kahit makita pa nila ang mga pagkukulang at kapintasan ng mga ito.

May mga taong natitisod sa ipinapangaral na Salita ng Diyos. Kapag nagsalita ang pastor tungkol sa ikapu at sabihing pagpapalain tayo kapag magbibigay tayo ng tamang ikapu, hindi sila mapapalagay, iisipin nilang palaging nakatuon sa pera ang iglesya. Kapag nagsalita ang pastor tungkol sa makapangyarihang pagkilos ng Diyos, hindi naniniwala ang iba, may makalamang saloobin sila. Hindi mapalagay ang kalooban nila. Kung may mabuting kalooban sila at tatangapin ang katotohanan, hindi sila matitisod ng Salita ng Diyos. Gayon pa man, dahil nananahan sila sa dilim, natitisod sila ng Salita ng Diyos na siyang Liwanag (Mateo 11:6; Juan 11:10).

Natitisod ang isang tao dahil sa mahinang pananampalataya at masamang puso. Magkagayon man, ang taong nagiging dahilan ng pagkatisod ng ibang tao ang may pananagutan dito. Kapag itinuturo natin ang tungkol sa katotohanan, dapat maging matalino tayo, magturo tayo ayon sa sukat ng pananampalataya ng taong tuturuan. Kung sasabihin ninyo sa isang bagong mananampalataya, katatanggap lang sa Panginoon at sa Banal na Espiritu, “Itigil mo na ang paglalasing at paninigarilyo, huwag kang magbukas ng tindahan kung araw ng Linggo.” Mahihirapan sila sa sapilitang pagsunod, baka hindi na sila magsimba. Parang pinakain ninyo ng karne ang bagong panganak na sanggol.

Kung totoong mahal natin ang Panginoon at ang mga kaluluwa, mag-iingat tayo sa mga salitang sasabihin natin para hindi tayo makatisod. Dapat maging pagpapala tayo at magandang halimbawa. Bigyan natin sila ng pag-asa at lakas para maisabuhay ang Salita, hindi makasakit ng damdamin at maging pabigat sa tao.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung mahal ninyo ang isang tao, hindi ninyo makikita ang mga kamalian o bahid niya (1 Juan 4:11). Kahit may makita kayong malaking pagkakasala niya, mahahabag kao sa kanya. Papalakasin ninyo siya, at mananalig na magbabago siya. Umaasa ako na lubos ninyong iwawaksi ang poot, magmamahal sa lahat tulad ng pagmamahal ng Panginoon na nagmahal kahit sa mga umaaway sa Kanya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay manahan kayo sa kaluwalhatian na nagniningning tulad ng araw sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Nakahanda na ba Kayong Gamitin ng Diyos Bilang mga Espirituwal na Sisidlan?

Nais ng mapagmahal na Diyos na maligtas ang lahat ng tao. Naghahanap Siya ng mga manggagawa na tutupad ng mga hangarin Niya sa pamamagitan ng maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu sa panahong ito na malapit ng magwakas. May tatlong pamantayan na dapat nating paghandaan para magamit tayo ng Diyos bilang mga sisidlang espirituwal, pag-aralan natin ang mga ito.

## 1. Isang Malinis na Sisidlan

Mababasa sa 2 Kay Timoteo 2:21, "Kung nililinis ng sinuman ang kanyang sarili mula sa mga bagay na ito ay magiging tanging kagamitan, itinalaga at mahalaga sa may-ari ng bahay, handa sa mabubuting gawa." Sinabing dapat muna tayong maging malilinis na sisidlan para maging kapaki-pakinabang sa Panginoon.

Dapat nating malaman na magkakaiba ang proseso ng pagpapadalisay ng bawat tao, ayon ito sa pagmamahal nila sa Diyos, sa pananampalataya nila sa Kanya, at sa pag-asa nila sa Langit. Noong una, ang pananampalataya ng ilan ay maalab, pero nanlamig ito at naging maligamgam. Bumalik pa sa maruming mundo ang ilan sa kanila. May mga mas naging masama pa at sumunod sa kalakaran ng mundo (2 Pedro 2:20).

Gayon pa man, kung tunay ang pagmamahal natin sa Diyos, nananampalataya sa Kanya, at umaasa tayo sa Langit, kikilalanin nating mabuti ang ating sarili, at magbabago para maging malilinis na sisidlan (2 Mga Taga-Corinto 7:1). Kung gagawin natin ito magiging nakahandang mga sisidlan tayo, sasabay sa maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

Sinasabi ng 1 Pedro 4:7, "Ngunit ang wakas ng lahat ng bagay ay malapit na, kaya kayo'y magpakatino at magpigil sa sarili alang-alang sa inyong mga panalangin." Kaya sa panahon ngayon na malapit ng magwakas, mas maalab at taimtim tayong manalangin. Sa pamamagitan ng pagsisikap na tulad nito at ayon sa tatanggaping pagpapala, kalakasan, at tulong ng Diyos at ng Banal na Espiritu, magiging malilinis na sisidlan tayo, walang bahid o dumi.

## 2. Isang Sisidlang Nababagay sa Layunin

Kapag pipili ng isa mula sa maraming sisidlan, iisipin muna natin kung anong klaseng pagkain ang ilalagay dito at kung paano ito gagamitin. Tulad nito, pumipili ang Diyos ng mga sisidlan na angkop para sa layunin ng bawat isa kapag gagawa Siya para sa kaharian Niya. Batid Niya kung gaano kalinis at kalaki ang mga sisidlan natin at batid Niya kung saan tayo gagamitin.

Tinitingnan ng Diyos ang kaibuturan ng puso natin. Isinasaalang-alang Niya ang kalinisan at kalakihan ng sisidlan natin, pagkatapos, gagamitin Niya tayo sa layunin na bagay sa atin. Tinitingnan din Niya ang mga talento at kakayahan natin. Samakatwid, pag-isipan nating mabuti kung saan tayo pwedeng magamit ng Diyos sa kaharian Niya, paghandaan natin ito. Pero tandaan natin, huwag tayong magdesisyon ayon sa sariling saloobin, o dahil sa tingin natin masaya at maganda ang isang gawain. Hilingin natin sa panalangin ang gabay ng Banal na Espiritu.

Nakasulat sa Filipos 2:13, "Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at paggawa, para sa Kanyang mabuting kalooban." Binibigyan Niya tayo ng pag-asa, kumikilos Siya sa buhay natin ayon sa mabuting kalooban Niya at ginagabayan tayo para makamit ang pag-asang iyon. Kaya, kung hihilingin natin sa Kanya sa panalangin, tutulungan Niya tayong makita ang gawain sa lugar na nababagay at makakaya natin.

Pero hindi nakatalaga ang isang partikular na gawain para sa atin. Hindi lang isang gawain ang nakatakda nating gawin. Pwede tayong gamitin sa napakaraming paraan sa iba't ibang mahahalagang lugar, hindi natin makakayang isipin, hangga't nililinis natin ang ating sisidlan at ginagawang wasto ang puso sa harapan ng Diyos.

Ang dapat nating gawin ay paghandaan ng lubusan ang pagtupad ng mga tungkuling ibinibigay ng Diyos. Kahit nabatid na ang gawaing angkop para sa atin sa kaharian ng Diyos, huwag nating isipin na hindi na natin kailangang mas maging handa pa. Ipagpatuloy natin ang paghahanda at pagsisikap para mas maging mabuting sisidlan para sa Diyos.

Pagbutihin natin ang mga talento natin para magamit tayo sa kahit na anong layunin ng Diyos. Kapag may nakahandang sisidlan sa bawat isang lugar, sasaayos ang lahat ng bagay.

Gayon pa man, kung saan man tayo gamitin, kinakailangan ang Salita at pananalangin. Dapat maging mga espirituwal na mandirigma tayo, hubugin ang kakayahan, at maging handang mga sisidlan para sa kaharian Niya.

## 3. Isang Sisidlang Kapaki-pakinabang sa Panginoon

May ilang sisidlan na palaging ginagamit kahit maraming pagpipilian. Kahit may mga bago at magaganda, ginagamit pa rin natin ang sisidlan na nakasanayan na nating gamitin. Dapat gayahin natin ang mga sisidlang ito. Ang mga sisidlang ito ay ang mga masunurin sa Diyos.

Ibig sabihin, ginagamit ng Diyos ang mga sumusunod sa Kanya nang mas madalas kaysa sa iba. Ipinagkakatiwala Niya sa kanila ang mas maraming gawain at iniingatan Niya ang mga ito. Samantala, lumalago at nagiging mas mahalaga silang mga sisidlan.

Siyempre, kung matagal makasanayan ang paggamit ng isang bagay na bago, matagal din para sa atin na maging perpekto sa pagsunod sa Diyos. Dadaan tayo sa proseso ng pagpapabuti at paghubog. Pero kung mabuti at malinis na ang puso ng isang tao, mas mabilis ang pagbabago niya, kumportable na ang sisidlan niya sa gawaing paggagamitan sa kanya. Samakatwid, pagsikapan nating mabuti na magbago. Depende dito kung magiging mahalagang sisidlan tayo ng karangalan o sisidlan ng kahihiyan.

Magagamit tayo ng Diyos kung maghahanda tayo ng mabuti, kahit hindi pa tayo mga gintong sisidlan. Huwag tayong magreklamo sa kalagayan ng sisidlan natin, sa halip, pagsikapan natin ang pinakamabuting magagawa natin para tupadin ang kasalukuyang tungkulin at posisyon na ipinagkatiwala sa atin. Gagamitin tayo ng Diyos, magiging mga gintong sisidlan tayo.



# “Nahanap ko na ang iglesyang puno ng buhay ang pagsamba at panalangin!”

**Diakono Junghyun Choi,** 57 taong gulang,
Propesor ng Paaralan ng Pagnenegosyo at
Pangangalakal, Kwangwoon University

Sinisimulan naming mag-asawa ang araw namin sa panonood sa GCN. Sinasabayan namin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee ‘para sa pagsisimula ng bagong umaga’ sa ganap na ika-7:00 ng umaga, pagkatapos papanoorin na namin ang mga programang tungkol sa mga sermon. Masayang-masaya ako ngayon dahil narinig ko na ang mensahe tungkol sa pagpapabanal na matagal ko nang hinahangad.

### Nakilala ko ang buhay na Diyos, nagsisi, at nagsimulang magbasa ng Biblia

Noong taong 1988, nakamit ko ang Master’s degree sa Georgia Institute of Technology sa Estados Unidos, pinaghandaan ko rin ang pagpasok sa doctoral program. Pero, sa hindi malamang dahilan, bigla akong inabisuhan ng bise-kanselor na lisanin ang paaralan. Wala siyang ibinigay na rason. Mas malala pa, tinanggal sa trabaho ang asawa ko, siya pa naman ang nagpapaaral sa akin.

‘Bakit kaya nangyayari sa amin ito?’, ito ang tanong ng puso ko, ‘Ano sa palagay mo ang ginawa mo?’ May isang tagpong sumagi sa isipan ko. Nanalangin ako sa Diyos noon, ‘Diyos ko, kung totoong buhay Ka, tulungan Mo akong makapasa sa pagsusulit ng doctoral program.’ Pero nang hindi ako pumasa, inisip kong walang Diyos, naghinanakit. Nang maalala ko iyon, nagsisi ako, “Patawarin po ninyo ako. Hindi ko inisip na totoong may Diyos na buhay. Ako dapat ang mamatay.” Naging simula ito ng pagbabagong-buhay ko. Bumili ako ng Biblia at nagsimulang kilalanin ang Diyos.

### Nabahala ako dahil hindi ko isinasabuhay ang Salita ng Diyos

Dahil sa biyaya ng Diyos, natanggap ko rin ang doctoral degree sa College of Engineering sa Auburn University sa Alabama, Estados Unidos. Noong 1992, nagtrabaho ako para sa Telecommunication R&D Center ng Samsung Electronics. At noong 1993, nagtrabaho ako bilang pinuno ng Software R&D Center ng Korea Telecom (KT Corporation). Nagsikap akong isabuhay ang Salita ng Diyos pero kadalasan, hindi ko ito nagagawa, nabubuhay ako sa kasalanan. Kaya nabahala na naman ako.

Noong taong 1994, dumalo ako sa isang pulong na makakatulong sa muling pagsigla ng espiritu ko. Tungkol sa pagsisisi ang paksa ng tagapagsalita. Natanto ko na buong buhay ko, wala pa akong pinagsisihan. Sinubukan kong magsisi pero hindi lubos ang pagsisising ginawa ko. Napansin ko rin na may masasama akong saloobin, pero kakaunti lang ang espirituwal na kaalaman ko para mapigilan ang mga ito.

Mas malala pa, tinamad akong manalangin, inisip kong napakaliit lang naman ng ibang kasalanan ko, kaya hindi ko mapigilang magkasala. Nabagabag ako sa paulit-ulit na paggawa ko ng kasalanan at pagsisisi. Nahirapan ang kalooban ko dahil wala naman akong ibang dapat sisihin kundi sarili ko.

Noong Enero 2014, hindi ko na makayanan ang kalagayan ko kaya nagdesisyon ako. Nagpunta ako sa Osanri Prayer House at nag-alay ng tatlong araw na pag-aayuno at pananalangin sa Diyos. Ipinanalangin ko, “Dalhin Mo po ako sa simbahang dadaluhan ko hanggang sa bumalik ang Panginoon.” Pagkatapos, sinimulan ko ang paghahanap ng simbahang iyon. Maraming sermon ang pinakinggan ko mula sa mga kilalang pastor sa Korea sa mga Cristianong istasyon bawat araw. Samantala, nagsimula ang mahimalang paggabay sa akin ng Panginoon.

### Napakinggan ko ang ebanghelyo ng kabanalan sa GCN, binasa ko ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee

Isang araw, nakapagbukas ako sa iPad ng libreng aplikasyon, ito ay ‘Everyone TV’. May ilang istasyon doon sa seksyon tungkol sa relihiyon. Nakita ko dito ang GCN TV.

Kapag tiningnan ninyo ang istasyon ng GCN TV, makikita dito ang litrato ni Dr. Jaerock Lee. Nakita ko na dati ang litrato niya sa opisina ni Propesor Sangyeol Park, nagtatrabaho siya sa Kwangwoon University mula pa noong Oktubre 1994, doon din ako nagtatrabaho. Sinimulan ko ang pakikinig sa isa sa mga sermon, nabigla ako. Matapang ang pangangaral ni Dr. Lee ng mga mensaheng may inspirasyon ng Banal na Espiritu tungkol sa kasalanan, kabanalan, at paghatol. Ang hindi ko maintindihan ay ang mga tutubi na dumadapo sa mga kamay at katawan ng mga miyembro ng iglesya.

Tiningnan ko ang website ng Manmin Central Church. Hindi ko inaasahang dose-dosenang libro ang makikita ko doon, hinihintay na basahin ko. Binili ko ang ‘e-books’ ng *Heaven I & II; Hell; Spirit, Soul, and Body I & II;* at *Fountain of Wisdom*. Halos mawalan ako ng malay habang binabasa ko ang mga ito.

Pinag-isipan ko ang 1 Taga-Corinto 5:5, na sinasabing, “Ibigay ang ganyang tao kay Satanas sa ikakawasak ng laman, upang ang kanyang espiritu ay maligtas sa araw ng Panginoong Jesus,” Palagi kong iniisip kung nasa espiritu ako na maliligtas o nasa laman na mawawasak. Ang kasagutan ay nakasulat sa libro. Bukod dito, ang ugat ng masasamang saloobin, mga dapat kong labanan, at ang mangyayari kapag hindi ko natupad ito ay malinaw na ipinaliwanag.

At maliwanag ang pagkakaayos ng listahan ng libu-libong sermon. Nakinig ako ng sermon tungkol sa Genesis. Ipinaliwanag sa sermon ni Dr. Lee ang espirituwal na pagkakaiba ng ‘sa simula’ na nakasulat sa Juan 1:1, at ‘nang pasimula’ sa Genesis 1:1. Parang nanlamig ang buong katawan ko, nagsimulang pumatak ang mga luha mula sa mga mata ko. Magmula noon, pinanood ko na ang mga sermon tulad ng ‘Pag-aaral tungkol sa Aklat ng Pahayag’, ‘Ang Sukat ng Pananampalataya’, ‘Espiritu, Kaluluwa, at Katawan’, at ‘Maria Magdalena’. Parang may pumilit sa akin na basahin ang mga ito. Nabalitaan ko din ang tungkol sa pulong-panalanging Daniel at Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes.

### Nagparehistro ako sa iglesyang puno ng buhay ang pagsamba at pananalangin

Noong Agosto 2014, dumalo ako sa pulong-panalanging Daniel. Napuspos ako ng Banal na Espiritu doon, natiyak ko na ito ang iglesyang nais ng Diyos para sa akin. Napuno ako ng sobrang kaligayahan. Bukod dito, habang papauwi ako mula sa ikatlong pagdalo sa pulong-panalanging Daniel, napansin kong may nagbago sa aking katawan. Nawala ang masamang amoy ng katawan ko.

Dahil may diabetes ako, mabaho ang pawis ko. Pawisin kasi ang mga taong may ganitong karamdaman, tumataas ang glycogen (naipong glucose sa katawan). Nangangasim ang amoy nito sa hangin at bumabaho kapag nahalo sa pawis, ihi, at dumi. Kapag nananalangin ako ng maalab, pinagpapawisan ako, pero hindi ako bumabaho, walang masamang amoy ang katawan ko.

Dumalo din ako sa Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes na idinadaos mula ika-11:00 ng gabi sa araw ng Biyernes hanggang ika-4:00 ng umaga ng Sabado. Napuspos muli ako ng Banal na Espiritu, inisip ko, ‘Sino ba itong Punong Pastor Dr. Jaerock Lee? Bakit matapat at masaya ang mga miyembro?’ Hindi ko matanggal sa isipan ko na nakita ko na ang tunay na iglesyang hinahanap ko.

Noong Agosto 31, 2014, isinuot ko ang pormal na kasuotang sampung taon ko nang hindi isinusuot. Habang nananalangin, narinig ko ang malinaw na tinig ng Banal na Espiritu, na sinasabing, “Ito na ang iglesyang hinahanap mo”. Nagparehistro ako sa Manmin Central Church, damang-dama ang emosyon. Nagparehistro din ang asawa ko noong Oktubre 19, 2014. Naranasan din niya ang pagkilos ng Diyos at nagsulong siya ng buhay Cristiano, umaasa sa Langit na may walang patid na kagalakan.

Masayang-masaya na ako ngayon. Mayroon akong pastol na nagsasabi sa akin ng kalooban ng Diyos sa Biblia, at mas marami pang pruweba na nagpapakita na siya ay tunay na pastol. Bukod dito, sobra ang kasiyahan ko na dahil sa pag-ibig ng pastol, magiging bunga ako ng pangangalaga ng Diyos sa sangkatauhan. Ibinibigay ko ang lahat ng pagpapasalamat at luwalhati sa Diyos!

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714